



◀ MANWAL NG OPERATOR

I-scan o i-click ang code na ito para tingnan at i-download ang Manwal ng Operator ng Infinity.

MGA VIDEO NG PAGSASANAY ▶

I-scan o i-click ang code na ito para tingnan ang mga video ng pagsasanay para sa Infinity pump.



MABIBILIS NA PAG-AAYOS PARA SA MGA KARANIWANG PROBLEMA

1. Suriin ang setup:

- Siguraduhing nasa tamang temperatura ang mga produkto.
- Maaaring may bula ang sobrang inalog na formula. Hayaang nakababad ang formula nang 10 - 15 minuto bago ipakain.
- Kung gumagamit ng formula na hinalo sa blender, sundin ang mga tagubilin ng tagagawa.

2. Siguruhiing hindi nakapiliit o nakaipit ang tubo ng delivery set.

3. Linisin nang maayos ang pump.

4. Isara ang pump at buksan muli.

MGA ALARM AT ISYU

MGA HAKBANG SA PAG-TROUBLESHOOT

NO FLOW IN (HINDI DUMADALUY PAPASOK)

Naka-detect ang pump ng bara sa set sa pagitan ng bag at ng pump.

NO FLOW OUT (HINDI DUMADALUY PALABAS)

May nakitang bara ang pump sa pagitan ng pump at ng pasyente.

NO FOOD (WALANG PAGKAIN)

May na-detect na hangin ang pump sa tubo.

LOAD SET (ILAGAY ANG SET)

Pinindot ang run button nang hindi maayos na nakakarga ng set sa pump.

ER01 - ER99

Hindi pumasa ang pump sa self-test

Mga Isyu sa Pag-charge

- Siguruhiing hindi nakapiliit o nakaipit ang tubo ng delivery set.
- Alisin ang set mula sa pump. Linisin ang cassette. Dahang-dahang imasahin ang "O" na simbolo, pagkatapos ay manu-manong i-prime ang set hanggang sa matanggal ang bara at dumaloy ang formula sa tubo. Palitan ang set at ipagpatuloy ang pagpapakain.
- Suriin at linisin ang mga lalagyan ng pump sa paligid ng mga pressure sensor.
- Siguraduhing walang basag o sira ang pinto at trangka.
- Suriin ang tubo sa pagpapakain ng pasyente kung may bara.
- Palaging sundin ang mga tagubilin ng tagagawa ng formula para sa paggamit ng pump.
- *Huwag gamitin ang PRIME key para i-troubleshoot o resolbahin ang mga alarm na NO FLOW IN (HINDI DUMADALUY PAPASOK) o NO FLOW OUT (HINDI DUMADALUY PALABAS).*
- Suriin ang antas ng formula na nasa bag para matiyak na may sapat na pagkain para sa pagpapakain.
- Kung ang formula ay sobrang inalog, hayaan ito nang 10-15 para mabawasan ang bula.
- Muling i-re-prime ang tubo para maalisan ang anumang hangin o bula sa tubo.
- *Tandaang idiskonekta ang set mula sa pasyente bago gawin ang priming.*

- Isara ang pump.
- Linisin ang cassette ng delivery set at suriin ang mga lalagyan ng pump sa paligid ng mga pressure sensor. Buksan muli ang pump.
- Muling i-load ang delivery set.
- Isara nang lubusan ang pinto.

- Patayin ang pump at buksan muli.
- Tiyaking tama ang lahat ng setting.
- Muling simulan ang pagpapakain.

- Tingnan ang mga koneksyon ng parehong plug sa dingding at adapter ng pump.
- Tiyaking naka-ilaw ang berdeng indicator sa plug ng charger sa dingding.
- Kung hindi umiilaw ang berdeng ilaw, magsaksak ng ibang aparato sa saksakan para matiyak na gumagana nang maayos ang saksakan.
- Siyasatin kung may sira ang charging adapter at kabitang ng charger sa pump, kabilang ang mga nakabaluktot o nawawalang pin.

MGGA BAGAY NA DAPAT TANDAAN



Setup

- Mahalaga ang setup at paghahanda. Pwedeng magdulot ng mga alarm ang hindi tamang setup. Ang pump ay isang bahagi ng mas malaking sistema. Ang paglalaan ng oras para suriin ang buong sistema ay makakatulong na mabawasan ang mga potensyal na problema.
- Kung gumagamit ng backpack, dapat tanggalin ang lahat ng hangin mula sa delivery set at tubo:
 - » Manu-manong i-prime ang delivery set sa pamamagitan ng pagbaligtad ng bag, dahan-dahang pagpisil sa ibabang kalahati ng bag habang kinukurot ang kulay teal na tubo sa ibaba mismo ng "A" simbolo ng patak.
 - » Hawakan ang posisyong ito hanggang sa maalis ang lahat ng hangin mula sa bag at tubo.



Mga Bag sa Pagpapakain

- Ang mga bag sa pagpapakain ay idinisenyo para sa hanggang 24 na oras na paggamit. Ang mga bag na mas luma pa rito ay karaniwang pwedeng mag-trigger ng mga **NO FOOD (WALANG PAGKAIN)** at **WALANG DALOY** na alarm.
- Panatilihin nakasuot ang takip kapag hindi ginagamit ang bag.
- Lwasan ang pag-iimbak ng mga bag sa mainit na panahon o direktang sikat ng araw.



Paglilinis at Pagpapanatili

- Ang mga infinity pump ay ginawa para mapaglabanan ang pang-araw-araw na paggamit. Ang maingat na pangangalaga at paglilinis ay magpapakatao sa buhay ng pump.
- Kung mayroong malinaw na sira, tulad ng bitak sa pinto o pabahay, makipag-ugnayan sa suporta sa customer ng Moog para sa tulong.
- Habang tumatanda ang mga pump, maaaring oras na para isaalang-alang ang pagpapalit nito kaysa pagkukumpuni nito.
 - » Maaaring matukoy ang edad ng pump sa pamamagitan ng pagsuri sa serial number. Ang ika-2 at ika-3 digit pagkatapos ng SN(21) ay nagpapahiwatig ng taon kung kailan ito ginawa. Ang ibig sabihin ng '26' ay ginawa ito noong 2026.



I-scan o i-click ang code na ito para makapanood ng video kung paano linisin nang maayos ang pump.

Nagkakaproblema pa rin?

- Nakakaranas pa rin ng mga paulit-ulit na alarm o isyu? Makipag-ugnayan sa amin - narito kami para tumulong!
- Available ang pangkat ng Klinikal na Suporta ng Moog ng 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, sa mahigit 250 wika.
- Paki-handa ang mga detalye ng mga hakbang sa pag-troubleshoot na nasubukan mo na noong tumawag ka.

(800) 970-2337



(800) 970-2337

Makipag-usap nang live sa isang Klinikal na Kinatawan ng Moog para sa mga tanong tungkol sa pambomba at gabay sa pag-troubleshoot nang 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo. Bumisita sa moogmedical.com para sa mga karagdagang impormasyon.

MOOG®